

ARALIN 6

1. Ano ang simula?

-Ang simula ay ang panahong matagal nang nilikha ng Diyos ang lahat.

2. Sa simula, sino ang lumikha ng lahat ng bagay sa mundo?

-Diyos.

3. Ano ang nasa mundo bago nilikha ng Diyos ang lahat?

-Wala.

4. Kung walang anuman sa mundo, ano ang ginamit ng Diyos upang likhain ang lahat?

-Wala.

5. Kung gayon paano nilikha ng Diyos ang mundo?

-Nilikha ng Diyos ang mundo mula sa wala.

6. Paano nagawang likhain ng Diyos ang lahat mula sa wala?

-Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay hindi nagwawakas.

-Ang kapangyarihan ng Diyos ay walang hanggan.

7. May limitasyon ba ang kapangyarihan ng Diyos?

-Wala.

8. Si Satanas ba o ang kanyang mga demoyo o ang mga tao ay mas makapangyarihan kaysa sa Diyos?

-Hindi.

9. May nagturo ba sa Diyos kung paano likhain ang lahat?

-Wala.

10. Bakit walang sinuman ang nagturo sa Diyos?

-Dahil sa simula, walang sinuman na naroon upang magturo sa Diyos.

-Gayundin, hindi kailangan ng Diyos ng sinuman na magturo sa Kanya.

11. May limitasyon ba ang karunungan ng Diyos?

-Wala.

12. Mayroon bang mas matalino kaysa sa Diyos?

-Wala.

-Nang pasimula ay nilikha ng Diyos ang langit at lupa.

-Basahin natin kung ano ang mundo bago nilikha ng Diyos ang lahat.

Basahin natin ang Genesis 1:1-2a

1-Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa.

2-Ang lupa ay walang anyo at walang laman, at binalot sa kadiliman ang kalaliman samantalang

-Ano ang kalagayan ng mundo bago ito nilikha ng Diyos?

-Sa simula, walang liwanag.

-Sa simula, binalot ng kadiliman ang buong mundo.

-Gusto mo ba kung walang sikat ng araw sa umaga?

-Hindi.

-Gusto mo ba kung walang liwanag ng buwan sa gabi?
-Hindi.

-Nakakatakot ba kung walang liwanag sa lupa?
-Oo.
-Hindi mo makikita ang isa't isa.
-Hindi mo makikita na makapagtanim ka.
-Hindi mo makikita na itayo ang mga tahanan mo.

-Sa simula, walang liwanag.
-Sa simula, wala ring tuyong lupa.
-Sa simula, tinakpan ng tubig ang buong mundo.

Basahin natin ang Genesis 1:2b

2-At binalot sa kadiliman ang kalaliman samantalang ang Espiritu ng Diyos ay kumikilos sa ibabaw ng mga tubig.

-Sa simula, walang buhay sa lupa.
-Ngunit mayroong Diyos Espiritu Santo.

-Ang Diyos Espiritu Santo ay naghihintay upang simulan ang kanyang gawaing likhain ang lahat.

-Naaalala mo ba na iisa lamang ang Diyos, ngunit may tatlong Persona na issang Diyos?

-Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay magkasamang lumikha ng lahat.

-Sa simula, ano ang nilikha ng Diyos sa unang araw?

Basahin natin ang Genesis 1:3

3-At sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng liwanag,” at nagkaroon ng liwanag.

-Sa unang araw, nilikha ng Diyos ang liwanag.
-Paano nilikha ng Diyos ang liwanag sa unang araw?

-Nilikha ng Diyos ang liwanag sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

-Magagawa ba ng sinuman maliban sa Diyos ang liwanag sa pamamagitan lamang ng pagsasalita?
-Hindi.

-Narito ang isang ilustrasyon:

-Isang gabi, nasa labas ka sa damuhan na walang ilaw.

-Walang liwanag ng buwan o liwanag ng bituin.
-Madilim, at wala kang makikita.

-Maaari ka bang magsalita ng, “Magkaroon ng liwanag,” at ang liwanag ay darating?
-Hindi.

-Ang Diyos, gayunpaman, ay nagsalita lamang, at ang liwanag ay nilikha.

-Paano nalaman ng Diyos kung paano lumikha ng liwanag?
-Alam ng Diyos ang lahat.

-Walang bagay na hindi alam ng Diyos.

-Mahirap ba para sa Diyos ang lumikha ng liwanag?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Dahil walang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos.

-Ano ang inisip ng Diyos sa nilikha Niyang liwanag?

Basahin natin ang Genesis 1:4a

4-Nakita ng Diyos na ang liwanag ay mabuti.

-Ang liwanag na nilikha ng Diyos ay mabuti.

-Ito ay dahil perpekto ang Diyos.

-Ito ay dahil perpekto ang lahat ng ginagawa ng Diyos.

-Gumagawa ang mga kalalakihan ng mga bahay, ngunit kung minsan ay tumatagas ang bubong.

-Gumagawa ang mga babae ng mga kaldero, ngunit kung minsan ay nasisira rin ito.

-Ngunit nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay na perpekto.

-Bakit?

-Dahil ang Diyos ay perpekto.

-Ano ang ginawa ng Diyos matapos Niyang likhain ang liwanag?

Basahin natin ang Genesis 1:4b-5

4-At ibinukod ng Diyos ang liwanag sa kadiliman.

5-Tinawag ng Diyos ang liwanag na Araw, at ang kadiliman ay tinawag niyang Gabi. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang unang araw.

-Nang likhain ng Diyos ang liwanag, hindi inalis ng Diyos ang lahat ng kadiliman.

-Iniwan ng Diyos ang ilang kadiliman upang maging gabi.

-Ano kaya kung ang Diyos ay hindi nag-iwan ng anumang kadiliman?

-Hindi tayo makakatulog.

-Nag-iwan ang Diyos ng kadiliman upang tayo ay makatulog.

-Lahat ng ginagawa ng Diyos ay perpekto.

-Ano ang nilikha ng Diyos sa ikalawang araw?

Basahin natin ang Genesis 1:6-8

6-Sinabi ng Diyos, “Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig at paghiwalayin nito ang tubig.”

7-Ginawa ng Diyos ang kalawakan at ibinukod ang tubig na nasa ilalim ng kalawakan mula sa tubig na nasa itaas ng kalawakan. At ito ay nangyari.

8-Tinawag ng Diyos ang kalawakan na Langit. Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikalawang araw.

-Sa ikalawang araw, nilikha ng Diyos ang kalangitan.
-Paano nilikha ng Diyos ang kalangitan sa ikalawang araw?

-Nilikha ng Diyos ang kalangitan sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

-Mahirap ba para sa Diyos na likhain ang kalangitan?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Dahil walang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos.

-Paano pinaghiwalay ng Diyos ang tubig na tumakip sa kalupaan?

-Inilagay ng Diyos ang ibang tubig mula sa kalupaan paitaas sa kalangitan.

-Pinanatili ng Diyos ang natitirang tubig sa mundo.

-Ano ang nilikha ng Diyos sa ikatlong araw?

Basahin natin ang Genesis 1:9-10

9-Sinabi ng Diyos, “Magtipon ang tubig na nasa silong ng langit sa isang dako at hayaang lumitaw ang lupa.” At ito ay nangyari.

10-Tinawag ng Diyos ang tuyong lupa na Lupa at ang tubig na natipon ay tinawag niyang mga Dagat. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

-Sa ikatlong araw, nilikha ng Diyos ang tuyong lupa.

-Sino ang nag-utos sa tubig na umatras upang lumitaw ang tuyong lupa?

-Diyos.

-Bakit maaaring utusan ng Diyos ang tubig na umatras, at ang tubig ay dapat sumunod?

-Dahil nilikha ng Diyos ang tubig.

-Kung ang isang tao ay dumating sa isang ilog, magagawa ba niyang utusan ang ilog na umatras upang siya ay makatawid?

-Hindi.

-Ano pa ang nilikha ng Diyos sa ikatlong araw?

Basahin natin ang Genesis 1:11-13

11-Sinabi ng Diyos, “Sibulan ang lupa ng halaman, ng mga tanim na nagkakabinhi at ng punungkahoy na namumunga ayon sa kanyang binhi, ang bawat isa ayon sa kanyang uri sa ibabaw ng lupa.” At ito ay nangyari.

12-At ang lupa ay sinibulan ng halaman, ng mga tanim na nagkakabinhi ayon sa kanyang sariling uri at ng punungkahoy na namumunga ayon sa kanyang binhi, bawat isa ayon sa kanyang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

13-Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikatlong araw.

-Sa ikatlong araw, nilikha din ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno.

-Paano nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?

-Nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

-Mahirap ba para sa Diyos na likhain ang mga halaman at puno?
-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.
-Dahil walang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos.

-Ilang iba't ibang halaman at puno ang nilikha ng Diyos?
-Higit sa mabibilang ng sinuman.

-Bakit nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?

-Kailangan ba ng Diyos ang mga halaman at puno upang mabuhay?
-Hindi.

-Para kanino nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?
-Nilikha sila ng Diyos para sa ating mga tao.

-Bakit nilikha ng Diyos ang lahat ng mga halaman at puno?
-Dahil lubos tayong mahal ng Diyos.

-Kung walang puno, makakapagtayo ka ba ng bahay?
-Hindi.

-Nilikha ng Diyos ang mga puno para sa atin dahil mahal Niya tayo.

-Kung walang mais, ano ang iyong makakain?
-Wala masyado.

-Nilikha ng Diyos ang mais para sa atin dahil mahal Niya tayo.

-Ano ang nilikha ng Diyos sa ikaapat na araw?

Basahin natin ang Genesis 1:16-19

16- Nilikha ng Diyos ang dalawang malalaking tanglaw; ang malaking tanglaw ay upang maghari sa araw at ang maliit na tanglaw ay upang maghari sa gabi. Nilikha rin niya ang mga bituin.

17- Ang mga ito ang inilagay ng Diyos sa kalawakan ng langit upang tumanglaw sa ibabaw ng lupa,

18- upang mamahala sa araw at sa gabi, at upang ihiwalay ang liwanag sa kadiliman. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

19- Lumipas ang gabi at sumapit ang umaga nang ikaapat na araw.

-Sa ikaapat na araw, nilikha ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin.

-Paano nilikha ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin?

-Nilikha ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

-Bakit ang araw, buwan, at mga bituin ay hindi bumabagsak mula sa langit?

-Dahil inilagay sila ng Diyos doon sa langit.

-Dahil ang gawain ng Diyos ay perpekto.

-Ano ang nilikha ng Diyos sa ikalimang araw?

Basahin natin ang Genesis 1:20-21 & 23

20-Sinabi ng Diyos, “Hayaang bumukal mula sa tubig ang maraming nilalang na may buhay, at magsilipad ang mga ibon sa ibabaw ng lupa sa kalawakan ng langit.”

21-Kaya’t nilikha ng Diyos ang mga dambuhala sa dagat at ang bawat nilalang na may buhay na gumagalaw na ibinukal ng tubig ayon sa kanya-kanyang uri at ang lahat ng ibong may pakpak, ayon sa kanya-kanyang uri. At nakita ng Diyos na ito ay mabuti.

23-Nagkaroon ng gabi at nagkaroon ng umaga nang ikalimang araw.

-Sa ikalimang araw, nilalang ng Diyos ang lahat ng isda at ibon.

-Paano nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon sa pamamagitan lamang ng pagsasalita.

-Mahirap ba para sa Diyos na likhain ang mga isda at mga ibon?

-Hindi.

-Bakit?

-Dahil ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Dahil walang bagay na hindi kayang gawin ng Diyos.

-Ilang iba’t ibang isda at ibon ang nilalang ng Diyos?

-Higit sa mabibilang ng sinuman.

-Bakit nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Kailangan ba ng Diyos ang mga isda at ibon upang mabuhay?

-Hindi.

-Para kanino nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Nilalang sila ng Diyos para sa ating mga tao.

-Bakit nilalang ng Diyos ang lahat ng mga isda at ibon?

-Dahil lubos tayong mahal ng Diyos.

-Ano ang Sinabi ng Diyos tungkol sa lahat ng Kanyang nilikha?

-Sinabi ng Diyos na ang lahat ay mabuti.

-Bakit nagawang likhain ng Diyos ang lahat ng bagay na walang-kapintasan?

-Dahil ang Diyos ay perpekto.

-Lahat ng nilikha ng Diyos sa simula ay perpekto.

-Sa simula, walang tinik.

-Sa simula, walang mga damo.

-Sa simula, ang lahat ng mais ay lumago nang husto.

-Nilikha ng Diyos ang lahat ng bagay na perpekto dahil lubos Niya tayong mahal.